
PILIPINAS
SA LARAWAN
SA PANANALIKSIK ni CONRADO ACUÑA
GUHIT ni BES PASCUAL
BLG. 6
1
NAPARITO ANG MGA MALAYO
DUMAAN ANG MARAMING TAON,
ANG MGA MALAYO AY NANDAYUHAN SA PILIPINAS SA
PAMAMAGITAN NG KANILANG MGA BANGKA.
ANG KARAMIHAN NG MGA MALAYONG ITO AY
NAGBUHAT SA HABA AT SUMATRA AT ANG IBA
NAMAN AY SA PULO NG SILANGANG INDIYA.
2
NAKA-AANGAT SA ITA AT INDONESYO
ANG MGA MALAYO AY NAIIBA SA MGA ITA AT INDONESYO. MATATAAS SILA KAYSA MGA NEGRITO. HIGIT ANG KABIHASNAN KAYSA MGA INDONESYO. SIKSIK ANG KANILANG PANGANGATAWAN, UNAT AT MAITIM ANG BUHOK, KAYUMANGGI ANG BALAT.
3
SANAY SA PANDARAGAT
ANG MGA MALAYO AY MAY LIKAS NA KATAPANGAN. MALALAKAS ANG LOOB NILA AT HINDI NATATAKOT NA MAGTAWID-DAGAT. SA PAGHANAP NG MAKAKAIN AY GUMAGAMIT SILA NG BUSOG AT PALASO, KAMPIT AT KALASAG AT SA PAKIKIDIGMA NAMAN AY TABAK AT LANTAKA.


BLG. 6, PAHINA 2
4
SI MARIKUDO, ANG DATU NG PANAY
NUONG ARAW, SA PANAY AY MAY NAMAMAYANG MGA ITA. ANG PUNO NILA AY SI DATU MARIKUDO. ANG DATUNG ITO AY KILABOT SA TAPANG AT LAKAS. HALOS SINBILIS NG USA KUNG SIYA AY TUMAKBO.
5
MAY NATANAW NA DUMARATING
ISANG ARAW, ANG ISA SA MGA KABIG NI MARIKUDO AY NAKATANAW SA DAGAT NG MARAMING BANGKANG DUMARATING NA PATUNGONG PANAY. MALALAKI ANG LAYAG NG MGA BANGKANG IYON, AT ANG MGA NAKALULAN AY MGA MALAYO NA BUHAT SA BORNEO.
BER PASQUAL '52
6
ANG SAMPUNG DATU
HINDI NATAGALAN AT ANG MGA BANGKA AY SUMAPIT SA LOOK. NAGSI-IBIS ANG SAMPUNG DATU. KINIKILALANG PUNO NG MGA IYON AY SI DATU PUTI. KASAMA NG MGA DATU ANG KANI-KANILANG ASAWA AT MGA ANAK, AT IBA PANG KINAYAG SA KANILANG PAGLALAYAG.